Serbisyo sa Kagubatan (Forest Service)
KAGAWARAN NG AGRIKULTURA NG ESTADOS UNIDOS (U.S. DEPARTMENT OF AGRICULTURE)

Pacific Southwest Region | Hunyo 2022

**MGA KATUTUBONG HALAMAN:** Ang Forest Service ay nangangalaga at muling nagpapalago ng mga katutubong halaman. Kasama rito ang mga ligaw na bulaklak, mga damo, mga bush at puno na matatagpuan sa mga kagubatan at talahiban ng bansa, at sa marami pa.


## ANU-ANO ANG MGA ITO?

Ang mga katutubong halaman ay libu-libong taon nang natural na lumalago sa lugar na tinubuan.

## BAKIT SILA MAHALAGA?

- Ang mga katutubong halaman ay naglalaan ng pagkain (nektar, pollen, mga butil, at prutas) at tahanan sa mga lokal na hayop at insekto.
- Ang kanilang mga dahon ay naglilinis ng hangin at gumagawa ng oxygen.
- Ang kanilang mga ugat ay nagpapatatag ng lupa at nag-iipon ng tubig.

**GAWAIN**: Ang isang paraan ng pagpapakalat ng mga katutubong halaman ay sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga bola ng binhi; pinaghalong lupa, clay, at mga binhi. Kunyari ay katatapos mo lang magtanim ng apat na bola ng binhi. Ano sa palagay mo ang magiging hitsura ng mga katutubong halaman? Gumuhit ng mga katutubong halaman na lumalago mula sa mga bola ng binhi sa ibaba.



## MGA TANONG

- Paano kaya gagamitin ng mga hayop at insekto ang mga katutubong halamang ito?
- Bakit sa palagay mo ginagamit ang mga bola ng binhi sa pagtatanim ng mga katutubong halaman?

Ang USDA (Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos) ay tagapaglaan, nagpapatrabaho, at nagpapautang nang may pantay na oportunidad

USDA
Serbisyo sa Kagubatan (Forest Service)
KAGAWARAN NG AGRIKULTURA NG ESTADOS UNIDOS (U.S. DEPARTMENT OF AGRICULTURE)
Pacific Southwest Region | Hunyo 2022


# RESIPE NG BOLA NG BINHI Clay Para sa


*Makakagawa ng 3-5 na mga bola ng binhi*


Gusto mo bang makatulong sa pagpapakalat ng mga katutubong halaman at sa pagsubaybay sa kanilang paglago?

## MGA KAGAMITAN

- Lupa para sa masitera
- Clay para sa paggawa ng palayok
- Mga binhi ng katutubong halaman
- Tubig
- Mangkok para sa paghahalo
- Mga panukat na kutsara
- Patag na ibabaw para sa pagpapatuyo




## MGA KAGAMITAN

1. Paghaluin ang 3 kutsarang lupa at 1 kutsarang clay sa mangkok. (Ang ratio ng lupa sa clay ay 3 sa 1.)
2. Dagdagan ng ½ kutsarita ng mga binhi at paghaluing mabuti.
3. Dahan-dahang lagyan ng tubig at paghalu-haluin ang lahat ng sangkap. Dagdagan nang dagdagan ng tubig hanggang madama mong parang cookie dough ang pinaghalong sangkap.
4. Hulmahin ang bola ng binhi sa pamamagitan ng pagpapagulong sa iyong mga palad. Kailangang kasinglaki sila ng holen o ng gumball (1 hanggang 1.5 pulgada ang diyametro).
5. Ilatag ang mga bola ng binhi sa isang patag na patungan at hayaang matuyo sa loob ng 24 na oras.
6. Ngayon ay handa nang itanim ang bola ng binhi. Maaari itong itanim sa lupang walang nakatanim, sa hardin ng mga halaman, o sa masitera. Maingat itong ibaon sa lupa, para ang kalahati ay nakabaon at ang kalahati ay nakalabas sa hangin.
7. Diligan nang madalas, o hanggang kailangan ayon sa halaman. Puwede mo ring itanim ang bola ng binhi sa mga lugar na natural itong madidiligan.
8. Sa pagdaan ng mga araw, magdiwang sa panonood sa paglago ng natibong halaman!

Ang USDA (Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos) ay tagapaglaan, nagpapatrabaho, at nagpapautang nang may pantay na oportunidad

Serbisyo sa Kagubatan (Forest Service)
KAGAWARAN NG AGRIKULTURA NG ESTADOS UNIDOS (U.S. DEPARTMENT OF AGRICULTURE)

Pacific Southwest Region | Hunyo 2022

# GAWAIN GAMIT ANG BOLA NG BINHI: Mga Dagdag na Sanggunian at MDM

## Ano ang mga bola ng binhi? Bakit ginagamit ang mga ito sa pagtatanim ng mga binhi?

- Ang bola ng binhi ay pinaghalong lupa, clay, at mga binhi na ginagamit sa pagpapakalat ng mga natibong halaman.
- Pinoprotektahan ng mga bola ng binhi ang mga binhi at pinananatili sila sa iisang lugar hanggang matanggap nila ang sapat na dilig para lumago, tipikal na sa pamamagitan ng ulan. Pinoprotektahan ng clay at ng lupa ang mga binhi laban sa malalakas na hangin at sa init ng araw. At, ang matigas na clay na lalagyan ay makakapagtaboy sa mga hayop na gustong kainin ang mga binhi.

## Paano ako gagawa ng mga bola ng binhi?

- Basahin ang papel ng mga gawain para sa mga dapat gawin.
- Panoorin ang video ng Forest Service na, "How to Make Seed Balls" ("Paano Gumawa ng mga Bola ng Binhi") *https://vimeo.com/721113038*

## Anong mga uri ng binhi ang dapat gamitin sa mga bola ng binhi?

- Gamitin ang mga binhi na katutubo sa iyong lugar. Ang mga katutubong halaman ay naglalaan ng pagkain at tahanan sa mga lokal na hayop at insekto.
- Dagdagan ang kaalaman tungkol sa mga benepisyo ng mga natibong butil:
    - *www.audubon.org/content/why-native-plants-matter*
    - *www.fs.fed.us/wildflowers/Native_Plant_Materials/Native_Gardening*
- Subukang gamitin ang mga lokal na pagkukunan ng mga katutubong butil na halaman, katulad ng mula sa mga kompanya na nagpapakadalubhasa sa mga katutubong butil. Hanapin ang samahan ng katutubong paghahalaman sa iyong estado at ang kanilang mga rekomendasyon sa pagkukunan ng mga katutubong binhi: *www.fs.fed.us/wildflowers/links.shtml*.

## Anong mga uri ng clay ang puwede kong gamitin sa paghulma ng bola ng binhi? Ano ang dapat kong piliin?

- May dalawang uri ng paghulma ng mga bola ng binhi, gamit ang clay na panggawa ng palayok, o ang clay na pinatuyo sa hangin. Kung gumagamit ng clay na pinatuyo sa hangin, tiyakin na natural ang clay at hindi nakakalason. May mga panuntunan ang bawat pagpipilian kung paano gagawin ang bola ng binhi.
- **Clay para sa paggawa ng palayok:** mas maigi para sa proyekto ng komunidad na mas malawakang pagtatanim sa kapaligiran. Mabibili ang mga clay para sa paggawa ng palayok sa bultong 50 lbs., sa halagang $60 hanggang $90.


- **Clay na pinatuyo sa hangin:** mas maigi para sa maliliit na silid-aralan, bakuran, o pagtatanim sa masitera. Madali lamang itong makita sa mga tindahan at di gaanong maruming gamitin kaysa sa clay para sa paggawa ng palayok. Ang mga clay na pinatuyo sa hangin ay maaaring mula sa halagang $7 hanggang $20 ang isang bag na 5 lb. (makakagawa ng may 50 bola ng binhi).

## Maaari bang gamitin ang mga clay na hindi tumitigas para sa paghulma ng bola ng binhi?

- Hindi maaari, ang mga clay na hindi tumitigas ay hindi puwedeng gamitin sa mga bola ng binhi. Ang mga modeling clay ay may wax at formula na nakabase sa langis na lumalaban sa tubig. Dahil sa langis at wax, ang modeling clay ay di makakabukas nang sapat para dumami at lumago ang mga binhi.

## Saan at kailan ko itatanim ang mga bola ng binhi?

- Itanim ang mga bola ng binhi sa lupang walang nakatanim, sa hardin ng mga halaman, o sa masitera.
- Itanim ang mga bola ng binhi kapag malamig ang panahon at umuulan.



Ang USDA (Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos) ay tagapaglaan, nagpapatrabaho, at nagpapautang nang may pantay na oportunidad